multicultural services

ROCKDALE CITY COUNCIL
On Historic Botany Bay

Walang bayad ang maging kasapi

Kailangan ninyo ng 2 dokumento ng pagkakilanlan:

- Katunayan sa inyong pagkatao
- Katunayan ng inyong lugar tirahan
- Lagda ng magulang (kung wala pang edad na 18 taon)

Ang inyong karta sa aklatan (library card) ay maaaring magamit sa mga sumusunod na mga sangay ng aklatan: Arncliffe, Bexley, Bexley North, Brighton Le Sands, Rockdale at Sans Souci.

Ang panahon ng paghiram ay 3 linggo. Karamihan sa mga aklat ay maaaring dalawang beses na mahiram kaagad, kung hindi lumampas sa taning ng pagsauli o nakareserba sa iba. Maaari kayong personal na pumunta upang umulit sa paghiram, tumawag sa telepono o sa internet.

Kayo ay responsable sa lahat ng mga bagay na hiniram sa pamamagitan ng inyong karta. Sabihin sa Aklatan kung may pagbabago sa inyong detalye katulad ng inyong tirahan, numero ng telepono o email.

May mga babayaran sa hindi pagbalik ng mga hiniram, pagkawala o pagkasira ng mga bagay, mga pagreserba at pagpapalit sa mga karta.

Pangkaraniwang pagtatanong:

T: 9562 1821 F: 9562 1822

Email: enquiry@rockdale.nsw.gov.au

Library website: http://library.rockdale.nsw.gov.au

Mga Koleksiyon ng mga Babasahin sa Wika ng Komunidad

Ang aming Aklatan ay may mga koleksiyon ng mga aklat, CD, DVD, mga pakete sa pag-aaral ng wika, magazine, pahayagan, at 'talking books' sa ilang mga wika ng komunidad.

Mga aklat sa 42 na wika ng komunidad ay mahihiram mula sa Pang-estadong Aklatan ng NSW. Maaari kaming humiram doon para sa inyo ng mga aklat sa inyong wika na walang bayad.

Koleksiyon ng mga Literatura sa Ingles

Mayroon kaming sari-saring materyal para sa mga tao na gustong magpaunlad sa kanilang kakayahan sa Ingles.

Ang mga serbisyong makukuha sa ating Aklatan

- Mga pasimulang pagsasanay sa paggamit ng internet (Basic Internet Training) para sa may edad na mahigit 50
- Pagbabasa Para sa mga Sanggol, Oras ng Kuwento at mga gawain ng mga bata habang nakabakasyon ang mga eskuwela
- Mga Samahan ng mga Mahihilig sa Aklat
- Impormasyon sa Komunidad para sa inyong lugar
- Mga Klase sa Pakikipag-usap sa Ingles para sa mga baguhang may-edad at naghahanap-trabaho mula sa CALD
- Serbisyo ng pagtuturo sa pamamagitan ng internet: yourtutor
- Katalogo ng Aklatan na nasa internet
- Kasaysayan ng inyong lugar
- Mga Serbisyong Pangmaraming- kultura
- Mga pagkukunan ng mga datos na nasa internet
- Mga kompyuter na may Microsoft Office suites at Internet access sa lahat ng mga sangay

Tingnan ang sangay ng aklatan sa inyong lugar para sa mga darating na pangyayari at gawain.